# Tulong Pinansiyal sa PeaceHealth

## May Makukuhang Tulong

Naninindigan ang PeaceHealth sa pagtiyak na nakukuha ng aming mga pasyente ang kinakailangan nilang pangangalaga, kaya man nilang magbayad o hindi. Ang pagbibigay ng pangangalaga ng kalusugan sa mga hindi kayang magbayad ay bahagi ng aming misyon. Ang aming mga ospital ay inaatasan ng batas na magbigay ng libre at nadiskuwentuhang pangangalaga sa mga kwalipikadong pasyente. Maaaring kwalipikado ka para sa libre o nadiskuwentuhang pangangalaga batay sa sukat at kita ng pamilya, kahit pa mayroon kang insurance sa kalusugan. Ang mga pasyenteng nahihirapan sa pagbabayad ng kanilang bill ay dapat tumawag sa isang Espesyalista sa Account ng Pasyente (Patient Account Specialist) sa mga numerong nakasulat sa ibaba.

## Paano Mag-apply

**Personal, sa sulat o sa telepono.** Maaaring mag-apply ang isang pasyente para sa tulong pinansiyal sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang aplikasyon at pagbibigay ng mga pansuportang dokumento. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung may mga tanong ka, o para humingi ng mga libreng kopya ng aming form ng aplikasyon at mga patakaran.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** 877-202-3597 Suporta sa Ingles 844-746-4737 Lahat ng iba pang lengguwahe
- **PeaceHealth website:** **https://www.peacehealth.org/financialassistance**
- **Personal:** sa alinman sa aming mga PeaceHealth Medical Center
- **Upang kumuha ng mga dokumento sa pamamagitan ng koreo nang walang bayad:** tawagan kami sa mga numerong nakasulat sa itaas

## Mabilisang Impormasyon Tungkol sa Tulong Pinansiyal

**Pang-emerhensiyang pangangalaga:** Sinusunod ng mga emergency room sa lahat ng aming ospital ang mga legal na patakaran ng Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA). Inaalagaan namin ang mga pasyenteng may mga emerhensiyang pangangailangang medikal, mayroon mang insurance ang pasyente o wala, nang hindi humihingi ng bayad sa oras ng serbisyo. Ang tulong pinansiyal ay magagamit kapag kinakailangan para sa pang-emerhensiyang pangangalaga.

**Ano ang dapat kong gawin kung hindi ko mababayaran ang aking mga bill?** Maaaring mag-apply para sa tulong pinansiyal ang sinumang pasyente. Sinumang mag-a-apply ay hihingan ng impormasyon na nagpapakita ng kanilang pinansiyal na pangangailangan. Nag-aalok ang PeaceHealth ng tulong sa iyong bill batay sa iyong kita at kakayahang magbayad. Mayroon kaming mga diskuwento mula 65% hanggang 100%. Ang halaga ng makukuhang suporta ay depende sa mga pinansiyal na pangangailangan ng pasyente.

**Ano ang sakop?** Ang isang pasyenteng aprubado para sa tulong pinansiyal ay masasakop para sa paggamot na agaran o kinakailangan sa pagpapagamot at hindi sisingilin ng higit kaysa sa amount generally billed (AGB) para sa mga pasyenteng may insurance.

**Maaari ba akong magbayad?** Hinihingi ng PeaceHealth ang kumpletong bayad kapag matatanggap mo ang iyong unang billing statement. Maaari mong bayaran ang iyong balanse sa ilang paraan tulad ng: credit card, prepaid card, cash, tseke, o pagbabayad online. Mayroon ding mga plano ng pagbabayad. Mangyaring tawagan ang mga numero sa itaas upang makipag-usap sa isang Espesyalista sa Account ng Pasyente (Patient Account Specialist) tungkol sa mga opsyon sa pagbabayad.

**Sakop ng tulong**: Matutulungan namin ang mga pasyenteng nag-a-apply para sa mga programa sa komunidad o programa ng pamahalaan na makakatulong sa pagsagot sa mga medical bill. Ang mga pasyenteng walang insurance ay maaaring makipag-ugnayan sa amin para sa tulong. Tutulugan namin ang mga pasyenteng may malaking bill kahit matapos magbayad ang insurance:

**Kung hindi Ingles ang iyong pangunahing lengguwahe:** Makukuha mo ang aming patakaran sa tulong pinansiyal, ang aplikasyon, at ang buod na ito sa mga sumusunod na lengguwahe:

- Espanyol
- Russian
- Vietnamese
- Tagalog
- Chinese

PeaceHealth
The Spirit of Health